REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**KAPASIYAHAN BILANG 92-245**

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKAKAROON O PAGLIKHA NG LOKAL NA TANGGAPAN NG KAGALINGANG PANLIPUNAN AT PAGPAPAUNLAD (LOCAL SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT OFFICE).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * ** * *

SAPAGKAT, ang mga yunit ng pamahalaang lokal ay nararapat na mabigyan ng higit na kapangyarihan upang mapabilis ang pag-unlad ng ekonomiya nito at mapataas ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayang naninirahan dito;

SAPAGKAT, alinsunod sa bagong koda ng pamahalaang lokal, ang lahat ng tanggapan o ahensiyang nasyonal ay ililipat (devolve) sa mga yunit ng pamahalaang lokal ang responsibilidad para sa probisyon ng mga pangunahing serbisyo (basic services) at mga kasangkapan nito sa loob ng anim (6) na buwan matapos mapagtibay ang koda;

SAPAGKAT, ang paglilipat na isinasaad sa bagong koda ay kasama ang paglilipat sa mga pamahalaang lokal ng mga kasulatan, kasangkapan at iba pang ari-arian at mga tauhan ng mga tanggapan at ahensiyang nasyonal katumbas ng mga inilipat na kapangyarihan, mga gawain at mga tungkulin;

SAPAGKAT, ang mga tauhan o kawani at ahensiyang nasyonal ay iaabsorba ng mga yunit ng pamahalaang lokal na kung saan sila ay nakatalaga at kukunin lamang ang sapat na bilang upang epektibo at maayos ang pamamahala;

SAPAGKAT, higit na mapapabilis ang paglilingkod ng pamahalaang bayan sa kanyang nasasakupan lalo na ang mga nabibilang sa tinatawag na mga maralitang taga-lungsod (urban poor).

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagkakaroon o paglikha ng lokal na Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad (Local Social Welfare and Development Office).

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 185th regular na pulong na ginanap ngayong ika-6 ng Enero 1992 sa Bulwagan ng People's Center, muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts